



# PATNUBAY SA MISA



23 Hunyo 2019

Dakilang Kapistahan ng Kabanal-banalang Katawan at Dugo ng Panginoon

Taon K

## Ang Alaala ng Walang Hanggang Pagmamahal

Tayo ay nagdiriwang ng Dakilang Kapistahan ng Kabanal-banalang Katawan at Dugo ni Hesus. Ang habilin ng Panginoong Hesus sa kanyang mga alagad sa Huling Hapunan ay: “Gawin ninyo ito sa pag-aalaala sa akin.” Ang pag-aalaalang ito ay ang pagsasang-ayon ng naganap noon upang ang bunga ng pangyayari ng kahapon ay maramdaman ng mga tao sa ngayon. Wala tayo sa Kalbaryo noong inialay ni Hesus ang kanyang buhay para sa atin. Wala tayo sa libingan noong bumangon si Hesus mula sa kamatayan. Subalit mapapasaatin ang biyayang-kaligtasan sa pamamagitan ng pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya. Pasalamat natin ang Panginoong Hesukristo sa dakilang tandang ito ng kanyang walang hanggang pagmamahal.



### PASIMULA



#### Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Pinakamabuting trigo ipinakaing totoo ng Diyos sa mga tao, sarap na kanilang gusto, tamis ng pulot sa bato.**

#### Pagbati

**P**—Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong nag-alay ng kanyang katawan at dugo para sa atin, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

**B**—At sumaiyo rin!

#### Pagsisisi

**P**—Ang Banal na Eukaristiya ang pag-aalaala sa pinakadakilang pangyayari sa kasaysayan ng sangkatauhan. Ngunit madalas ay hindi natin ito pinahahalagahan. Humingi tayo ng tawad sa Diyos. (Manahimik sandali.)

**P**—Para sa aming kahinaan ng pananampalataya sa kahulugan ng Banal na Eukaristiya. Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**—Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**—Para sa aming kahinaan ng pag-asa sa biyayang dala ng iyong Katawan at Dugo. Kristo, kaawaan mo kami!

**B**—Kristo, kaawaan mo kami!

**P**—Para sa aming kahinaan ng pagmamahal sa iyo at sa aming kapwa ayon sa hinihingi ng Banal na Eukaristiya. Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**—Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B**—Amen!

#### Papuri

**B**—Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos,

Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

#### Panalangin Pambungad

**P**—Diyos na totoo at tao namang totoo, Panginoon naming Hesukristo, ang Huling Hapunan ay inilagak mo para kami’y magkasalu-salo sa alaala ng iyong pagpapakasakit ukol sa mga tao. Ipagkaloob mo ang aming kahilingang ang iyong Katawan at Dugo ay aming idangal sa pagdiriwang upang ang dulot mong kaligtasan ay lubos naming mapakinabangan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen!

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



### Unang Pagbasa Gen 14:18-20

Ang ating Unang Pagbasa ay tungkol sa pag-aalay ni Melquisedec ng tinapay at alak bilang pasasalamat sa pagwawagi ni Abraham laban sa limang hari. Ito ang pinagmulan ng Banal na Eukaristiya kung saan si Kristo, ang pari ayon sa pagpapari ni Melquisedec, ay nag-aalay ng tinapay at alak, ng kanyang kawatwan at dugo.

**L**—Pagpapahayag mula sa Aklat ng Genesis

Noong mga araw na iyon, dinalhan ni Melquisedec, hari ng Salem at saserdote ng Kataas-taasang Diyos, si Abram ng tinapay at alak, at pinagpala ng ganito:

“Pagpalain ka nawa, Abram, ng Diyos na Kataas-taasan na lumikha nang langit at lupa.

Purihin ang Kataas-taasang Diyos na nagbigay sa iyo ng tagumpay!”

At ibinigay ni Abram kay Melquisedec ang ikapu ng lahat ng kanyang nasamsam.

Ang Salita ng Diyos!

**B**—Salamat sa Diyos!

### Salmong Tugunan Awit 109

**B**—*Ikaw’y paring walang hanggan, katulad ni Melquisedec!*

R. M. Velez



\* Sinabi ng Poon, sa Hari ko’t Panginoon, “Maupo ka sa kanan ko, hanggang ang kaaway mo ay lubos na mapasuko, pagkat iyong matatalo.” **B.**

\* Magmula sa dakong Sion, ay palalawakin niya ang lupaing iyong sakop; “At lahat ng kaaway mo’y sakupin at pagharian,” gayon ang kanyang utos. **B.**

\* Sasamahan ka ng madla, kung dumating ang panahong lusubin ka ng kaaway; magmula sa mga bundok, labas at sasamahan ka ng mga kabataan. **B.**

\* Panginoon’y may pangako na ito’y tiyak mangyayari, ganito ang kanyang saysay: “Katulad ni Melquisedec, gagawin kang saserdote, na hindi na wawakasan.” **B.**

### Ikalawang Pagbasa I Cor 11: 23-26

Ang pagdiriwang ng Eukaristiya o “ang Hapunan ng Panginoon” ay naging tunay na mahalaga sa unang pamayanang Kristiyano. Sa pagpasok ng ilang kamalian, agad na nagpaalaala si San Pablo sa kabanalan ng pagdiriwang na pagtupad sa utos ng Panginoon at paggunita sa kanya.

**L**—Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid: Ito ang aral na tinanggap ko sa Panginoon at ibinibigay ko naman sa inyo: ang Panginoong Hesus, noong gabing siya’y ipagkanulo ay dumampot ng tinapay, nagpasalamat, at pinaghati-hati ito, at sinabi, “Ito ang aking katawan na inihahandog para sa inyo. Gawin ninyo ito sa pag-alala sa akin.” Gayon din naman, matapos maghapunan ay hinawakan niya ang kalis at sinabi, “Ang kalis na ito ang bagong tipan na pinagtibay ng aking dugo. Tuwing iinum ninyo ito, gawin ninyo sa pag-alala sa akin.”

Sapagkat tuwing kakain kayo ng tinapay na ito at iinom sa kalis na ito ay ipinahahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon, hanggang sa muling pagparito niya.

Ang Salita ng Diyos!

**B**—Salamat sa Diyos!

### Awit Tungkol sa Mabuting Balita

Pagkaing mula sa langit ngayo’y hain sa daigdig. Handog ng kaibig-ibig kailanma’y di masasaid.

Paghahai’y inilahad nang ialay si Isaac, ang korderong nagliligtas, ang manna ng nagsilikas.

Pastol naming mapagmahal, kami’y iyong kaawaan, gawing dapat makinabang sa pagkaing iyong alay hanggang langit ay makamtan.

Magagawa mo ang lahat upang tanan ay maligtas, akayin mo sa’yong hapag lahat kaming’yong alagad

sa buhay mong walang wakas.

Aleluya

Jn 6:51

**B**—Aleluya! Aleluya!

Pagkaing dulot ay buhay, si Hesus na Poong mahal, buhay natin siya kailanman. Aleluya! Aleluya!

### Mabuting Balita Lu 9:11-17

Ang siping ito ng Ebanghelyo ni Lucas ay naglalahad ng pagpapakain ni Hesus sa madla. Ang gutom ay isang malaking suliranin ng daigdig ngayon. Ang gutom na ito ay sa pagkaing pangkatawan at pagkaing pangkaluluwa. Nais tugunan ng Eukaristiya ang gutom na ito.

**P**—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

**B**—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, nagsalita si Hesus sa mga tao tungkol sa paghahari ng Diyos; pinagaling niya ang mga may karamdaman.

Nang dumidilim na’y nilapitan siya ng Labindalawa at sinabi sa kanya, “Paalisin na po ninyo ang mga tao nang makaparoon sila sa mga nayon, sa kabukiran sa paligid, upang humanap ng makakain at matutuluyan. Nasa isang ilang na lugar po tayo.” Ngunit sinabi niya, “Kayo ang magbibigay sa kanila ng makakain.” Sumagot sila, “Wala po tayo kundi limang tinapay at dalawang isda, kaya kailangang bumili kami ng pagkain para sa mga taong ito.” May limanlibong lalaki ang naroon. Ngunit sinabi niya sa kanyang mga alagad, “Paupuin ninyo sila nang pulu-pulutong na tigililimampu.”

Gayon nga ang ginawa nila, pinaupo ang lahat. Kinuha ni Hesus ang limang tinapay at dalawang isda, tumingala sa langit, at nagpasalamat sa Diyos. Pinaghati-hati niya ang mga ito, at ibinigay sa kanyang mga alagad upang ipamahagi sa mga tao. Nakakain ang lahat at nabusog. Tinipon ng mga alagad ang lumabis; at nakapuno sila ng labindalawang bakol.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B**—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

**B**—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

**P**—Pasalamatan natin ang Diyos sa handog ng Eukaristiya at hingin natin ang Kanyang tulong upang mapahalagahan ito nang lubos. Ang ating sasambitin ay:

**B**—Amang tumutugon sa aming kagutuman, dinggin Mo kami!

\* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang sa pagdiriwang nila ng Banal na Eukaristiya ay magawa nila itong bukal at taluktok ng buhay-Kristiyano, manalangin tayo sa Panginoon!

**B.**

\* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay mapahalagahan nila ang Banal na Eukaristiya sa kanilang buhay, manalangin tayo sa Panginoon!

**B.**

\* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang ang mga bunga ng Banal na Eukaristiya—katarungan, pagpapatawaran, pagkakaisa, pag-iibigan—ay maibahagi nila sa lahat ng mamamayan, manalangin tayo sa Panginoon!

**B.**

\* Para sa mga taong naghahanap ng kabuluhan sa buhay, upang matulungan sila ng Banal na Eukaristiyang makitang sa pag-aalay lamang ng sarili, tulad ni

Kristo, matatamo ang kaganapan, manalangin tayo sa Panginoon!

**B.**

\* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito, upang magsikap tayong ayusin ang awitan, ang homiliya, at ang pagtanggap sa tao sa ating mga simbahan at nang makaakit pa ang higit na maraming magsisimba, manalangin tayo sa Panginoon!

**B.**

\* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo!

**B.**

**P**—Ama naming nag-alay ng Iyong Anak para sa aming kaligtasan, isugo Mo sa amin ang Espiritu Santo upang sa pagdiriwang namin ng Banal na Eukaristiya ay mapahalagahan namin ang dakilang pag-iibig na ipinamalas ni Hesukristong aming Panginoon.

**B**—Amen!



**P**—Manalangin kayo . . .

**B**—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

### Panalangin ukol sa mga Alay

**P**—Ama naming Lumikha, bigyan mo ngayon ang iyong sambayanan ng mga kaloob na pagkakaisa at kapayapaan na ipinahihiwatig ng mga alay namin sa paghahaing ipinagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen!

### Prepasyo

**P**—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Noong Huling Hapunan siya'y nakisalo sa kanyang mga alagad bilang alaala ng pagtubos na laging kasalukuyan at walang wakas. Siya ang maamong tupang tumubos sa tanan. Siya ang alay na lubos mong kinalulugdan. Sa Huling Hapunan kami'y nagsasa-

lo upang ganap kaming mapalapit sa iyo sa pagkakaisa ng lahat ng tao na pawang nananalig sa dakilang pag-iibig mo. Sa pagsasalong ito, kami'y iyong nililingap upang sa iyong Anak kami'y makatulad.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B**—Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

### Pagbubunyi

**B**—Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.



**B**—Ama namin . . .

**P**—Hinihiling namin . . .

**B**—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

### Paanyaya sa Kapayapaan

#### Paghahati-hati sa Tinapay

**B**—Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

### Paanyaya sa Pakikinabang

**P**—Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

**B**—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

**Antipona ng Pakikinabang**  
(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

“Ang nagsasalo sa buhay ng sariling aking alay, sa akin ay mananahan, ako ay makakapisan,” ani Hesukristong mahal.

### **Panalangin Pagkapakinabang**

**P**– Panginoong Hesukristo, hinihiling naming kami’y gawin mong makasalo nang lubusan sa bunga ng banal na pakikinabang sa iyong buhay na idinudulot sa piging ng paghahain ng iyong Katawa’t Dugong banal kasama ng Espiritu

Santo magpasawalang hanggan.  
**B**–Amen!



**P**– Sumainyo ang Panginoon.  
**B**–At sumaiyo rin!

**P**–Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

**B**–Amen!

**P**–Humayo kayo sa kapayapaan ni Kristo at mamuhay bilang Eukaristiyang panghabang-buhay.

**B**–Salamat sa Diyos!

## *Munting Katesismo sa Taon ng mga Kabataan*

*(P. René T. Lagaya, SDB)*

### **ANG TANDANG NAGPAPAALAALA NG WALANG HANGGANG PAG-IBIG**

**Panimula:** Ang pinakaayaw ng tao ay ang makalimutan. Napakalungkot ng isang kabataang hindi nakatanggap ni isa mang *text* buong araw. Ang pakiramdam niya ay nakalimutan na siya ng lahat. Kaya ang mga kabataan ay kuha nang kuha ng larawan para may *mai-post* sa kanilang *fb*. Walang tao, bata man o matanda, ang naghahangad na makalimutan.

**Pagpapalalim:** Kaya nais ng maraming mag-iwan ng tanda. Ang tandang ito ang magpapanatiling buhay ng kanilang alaala sa isip at puso ng mga nakakakilala sa kanila. Ang mga larawan, rebulto, *video*, at regalo ay ilan lamang sa mga tandang ito.

**Pagbasa:** Lucas 9:11b-17

**Buod:** Ang Panginoong Hesukristo ay ayaw ring makalimutan. Nais niyang maalaala siya sa pinakamahalagang sandali ng kanyang buhay. Kaya, “ang Panginoong Hesus, noong gabing siya’y ipagkanulo ay dumampot ng tinapay, nagpasalamat, at pinagpira-piraso ito, at sinabi, ‘Ito ang aking katawan na inihahandog para sa inyo. Gawin ninyo ito bilang pag-aalaala sa akin.’ Gayon din naman, matapos maghapunan ay hinawakan niya ang saro at sinabi, ‘Ang sarong ito ang bagong tipan na pinagtibay ng aking dugo. Tuwing iinum ninyo

ito, gawin ninyo bilang pag-aalaala sa akin.’ Sapagkat tuwing kakain kayo ng tinapay na ito at iinom sa sarong ito ay ipinahahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon hanggang sa muling pagparito niya.” (1Corinto 11:23b-26)

Ang ibig sabihin ng pag-aalaala ay **pagsasangayon**. Ano ang pagsasangayon? **Ang pananariwa ng naganap sa panahong nagdaan!** Ano ang isasangayon? **Ang kamatayan ng Panginoon!** Paano isinasangayon ang kamatayan ng Panginoon? **Sa pamamagitan ng Katawan at Dugo ni Hesukristo!** Namatay si Hesus sa paghihiwalay ng kanyang katawan at dugo. Sa krus nanatiling nakapako ang kanyang katawan. Ang dugo naman niya ay dumaloy sa lupa upang hugasan ang kasalanan ng sanlibutan. **Sa kamatayan ni Kristong naganap sa paghihiwalay ng kanyang katawan at dugo ay mamamalas ang kanyang walang hanggang pag-ibig.** Ang tinapay ay ginawa munang katawan. Matapos maghapunan ay saka ginawang dugo ang alak sa saro. Ganito rin ang ginagawa sa pagdiriwang ng banal na Eukaristiya. **Ang Banal na Eukaristiya ang dakilang tanda ng walang hanggang pag-ibig ni Kristo.** Dahil dito, ang sumasama sa pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya ay nakikisalo sa pinakamahalagang pangyayari sa kasaysayan ng tao.

Ang sumasama sa pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya ay tumatanggap ng biyayang-kaligtasang napagwagian ni Kristo sa pamamagitan ng kanyang kamatayan at muling pagkabuhay.

**Pagsasabuhay:** Kay rami ng taong hindi nagsisimba kahit sa malalaking kapistahan. Higit na marami ang hindi nagsisimba kaysa nagsisimba. Dahil dito, kay rami ng taong hindi nagtatamasa sa biyayang-kaligtasang bunga ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Kristo. Talagang nakapanghihinayang kapag palalampasin natin ang pagkakataong ito! Ang kamatayan at muling pagkabuhay ni Kristo ang pinakadakilang pangyayari sa kasaysayan ng tao. Dapat nating pagsikapang makadalo sa pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya, kung maaari ay araw-araw. Dapat din nating hikayatin ang higit na marami pang taong makinabang sa pagkakataong ito.

**Pagdiriwang:** “Ama naming makapangyarihan, sa mga kasalo ngayon sa Banal na Hapunan na ipinamana ng Iyong Anak na mamamatay bilang haing bago at pangmagpakailan man para sa giliw niyang sambayanan, ipagkaloob Mong lubusang mapakinabangan ang Iyong dakilang pag-ibig at buhay sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. Amen!



**WORD & LIFE  
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguió

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco, J. Feliciano • Circulation: R. Saldúa